Republika ng Pilipinas
**MABABANG KAPULUNGAN NG KONGRESO**
Lungsod Quezon

HOUSE OF REPRESENTATIVES
RECEIVED
DATE: JUN 30 2022
TIME: 7:16 pm
BY:
BILLS & INDEX SERVICE

**IKA-LABING-SIYAM NA KONGRESO**
Unang Regular na Sesyon

**PANUKALANG BATAS BILANG** 564

---

Ipinanukala nina
**Kinatawan ng ACT Teachers Party-List FRANCE L. CASTRO,**
**Kinatawan ng GABRIELA Women's Party Rep. ARLENE D. BROSAS,**
at **Kinatawan ng KABATAAN Party-List Rep. RAOUL DANNIEL A. MANUEL**

---

# BATAS NA NAGTATAKDA NG HINDI BABABA SA SIYAM (9) NA YUNIT NG ASIGNATURANG FILIPINO AT TATLONG (3) YUNIT NG ASIGNATURANG PANITIKAN SA KURIKULUM NG KOLEHIYO

## PALIWANAG

Alinsunod sa 1987 Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas, Artikulo XIV, Seksyon 6, "Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nalilinang, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na mga wika ng Pilipinas at sa iba pang mga wika. Alinsunod sa mga tadhana ng batas at sang-ayon sa nararapat na maaaring ipasya ng Kongreso, dapat magsagawa ng mga hakbangin ang Pamahalaan upang ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa sistemang pang-edukasyon."

Magiging puspusan lamang ang pagtataguyod sa paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa lahat ng antas ng sistemang pang-edukasyon kung puspusan ding itataguyod ang pagtuturo nito bilang asignatura sa lahat ng antas ng edukasyon.

Sa kasamaang-palad, sa inilabas na bagong General Education Curriculum (GEC) ng Commission on Higher Education (CHED) noong 2013, binura rin ang asignaturang Filipino sa kolehiyo.

Hindi sapat ang mga asignaturang Filipino sa Junior at Senior High School sa mga kadahilanan na: *Una,* maraming aspeto ng lenggwahe, halaga, at paggamit nito ang hindi itinuturo at hindi kayang ituro sa antas sekondarya; *Ikalawa,* dapat bigyang-diin na ang paggamit ng wikang Filipino sa intelektwal na diskurso, sa pagtalakay sa mga mahahalagang isyung lokal, pambansa, at panlipunan, sa mataas na antas ng komunikasyon, sa pananaliksik sa at pagtalakay ng iba't ibang larangan; *At panghuli,* ang pagtanggal sa Filipino sa kolehiyo ay isang malaking hakbang paatras mula sa deka-dekadang pagsisikap ng pamahalaan na panatilihin ang pambansang wika hanggang sa pinakamataas na antas ng edukasyon at upang payabungin at pagyamanin ito alinsunod sa Saligang Batas.

Wala tayong maiaambag sa edukasyong pangkultura ng mga mamamayan ng daigdig kung hindi natin lilinangin ang ating sariling wika, kultura, at identidad.

Nilalayong punan ng panukalang batas na ito ang kakulangan ng bagong GEC at makapag-ambag sa paglinang ng ating kamalayan sa sariling wika, kultura, at identidad, upang linangin at puspusang itaguyod ang ating pambansang wika, gaya ng iniaatas ng Saligang Batas.

Sa mga kadahiklanang nabanggit, inaasahan ang agarang pag-apruba ng panukalang batas na ito.

**Kin. FRANCE L. CASTRO**
*ACT Teachers Party-List*

**Kin. ARLENE D. BROSAS**
*GABRIELA Women's Party*

**Kin. RAOUL DANNIEL A. MANUEL**
KABATAAN Party-List

Republika ng Pilipinas
**MABABANG KAPULUNGAN NG KONGRESO**
Lungsod Quezon

**IKA-LABING-SIYAM NA KONGRESO**
Unang Regular na Sesyon

**PANUKALANG BATAS BILANG** 564

---

Ipinanukala nina
**Kinatawan ng ACT Teachers Party-List FRANCE L. CASTRO,**
**Kinatawan ng GABRIELA Women's Party Rep. ARLENE D. BROSAS,**
at **Kinatawan ng KABATAAN Party-List Rep. RAOUL DANNIEL A. MANUEL**

---

# BATAS NA NAGTATAKDA NG HINDI BABABA SA SIYAM (9) NA YUNIT NG ASIGNATURANG FILIPINO AT TATLONG (3) YUNIT NG ASIGNATURANG PANITIKAN SA KURIKULUM NG KOLEHIYO

*Pinagtitibay ng Senado at Mababang Kapulungan ng Kongreso ng Pilipinas na ngayo'y nakatipon:*

**SEKSYON 1.** Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino, alinsunod sa 1987 Saligang Batas ng Republika ng Pilipinas. Alinsunod dito, dapat magsagawa ang pamahalaan ng hakbangin upang linangin, ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang wika ng pagtuturo sa lahat ng antas ng edukasyon sa bansa.

Dapat ding magsagawa ng mga hakbangin ang pamahalaan upang ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa sistemang pang-edukasyon.

**SEK. 2.** Itinatakda ang hindi bababa sa siyam (9) na yunit ng asignaturang Filipino at hindi bababa sa tatlong (3) yunit ng asignaturang Panitikan sa kurikulum ng kolehiyo. Ito ay ituturo para sa lahat ng estudyante sa pampubliko o pribadong kolehiyo, mataas na institusyon o unibersidad sa Pilipinas, anuman ang kurso ng estudyante.

**SEK. 3.** Pagkapasa ng Batas, agad magsasagawa ng mga pagsasanay ang mga ahensyang pang-edukasyon sa pakikipagtulungan ng mga Departamento ng Filipino sa

bawat kolehiyo, mataas na institusyon at unibersidad sa buong bansa upang agarang maipatupad ang pagkakaroon ng mga asignaturang Filipino sa antas tersyarya.

**SEK. 4.** Sa loob ng tatlumpong (30) araw pagkapasa nitong Batas, maglalabas ng karampatang alituntunin at gabay sa pagpapatupad nito ang Commission on Higher Education (CHED).

**SEK. 5.** Magmumula sa kasalukuyang badyet ng CHED, Komisyon sa Wikang Filipino at National Commission for Culture and the Arts ang pondo na kailangan para sa inisyal na implementasyon ng batas na ito. Para sa mga susunod pang taon, magmumula ang badyet sa General Appropriations Act.

**SEK. 6.** Hindi maapektuhan ang pagkabisa ng ibang probisyon kung madeklarang hindi konstitusyunal ang alinman sa mga probisyon ng batas na ito.

**SEK. 7.** Itinuturing na wala nang bisa o inaamyendahan na ang lahat ng batas, kautusan, ordinansa at gabay, o mga bahagi nila, na hindi angkop o salungat sa batas na ito.

**SEK. 8.** Agad na magkakabisa ang batas na ito pagkalipas ng labinlimang (15) araw mula sa pagkakalathala sa Official Gazette o sa dyaryo na may pangkalahatang sirkulasyon.

*Aprubado,*